SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 05, 2022, LUNES, IKA-9:25 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANG. BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA RELEASED NAME DATE 9/20/22 TIME

RECORDED 19 SEP 2022 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 346-T2022**

**KAPASIYAHAN PINAGTITIBAY ANG PAGKILALA AT PAGKAKALOOB NG AKREDITASYON SA SENTRONG UGNAYAN NG MAMAMAYANG PILIPINO MULTI-PURPOSE COOPERATIVE (SUMAPI-MPC) SA SANTA CRUZ, LAGUNA BILANG ISANG PEOPLE'S ORGANIZATION NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan na may petsa Agosto 22, 2022 na kilalanin ang Sentrong Ugnayan ng Mamamayang Pilipino Multi-purpose Cooperative (SUMAPI-MPC) ng Santa Cruz, Laguna bilang isang lehitimong Samahang Pampamahalaan na maging bahagi ng Civil Society Organization ng bayang ito lalo na sa panahon ng krisis at sa kasalukuyang pandemya;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay nararapat upang patuloy na maging kabahagi at kabalikat ang nabanggit na samahan sa mga programa ng ating bayan gayundin ay nakapagsumite ang samahan ng kaukulang dokumento sa kanilang pagkilala at pagkakaloob ng akreditasyon;

**SAPAGKAT,** layunin ng Pamahalaang Bayan ang mabigyan ng tamang pagkilala at mapasama bilang isang Civil Society Organization sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Patrocinia Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Norman T. Tolentino at Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Bigyang **PAGKILALA AT PAGKAKALOOB NG AKREDITASYON ANG SENTRONG UGNAYAN NG MAMAMAYANG PILIPINO MULTI-PURPOSE COOPERATIVE (SUMAPI-MPC) SA SANTA CRUZ, LAGUNA BILANG ISANG PEOPLE'S ORGANIZATION NG BAYANG ITO.**

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, CSO Desk Officer, DILG, Sentrong Ugnayan ng Mamamayang Pilipino Multi-purpose Cooperative (SUMAPI-MPC) at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 05, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan 9/15/22